Pabahay na Co-op
Isang Abot-kayang Alternatibo
Isang maipagmamalaking pamamahay

Marami na ang mga pabahay na co-op sa bawat paligid ng siyudad. Ang isang co-op ay maaaring katamtamang laking apartment o townhouse. Ang mga nakatira sa mga pabahay na ito ay galing sa maraming klase ng pamumuhay. Sila ay may magkakaibang kinagisnan, may iba't-ibang antas ng kabuhayan, at kung minsan, sila ay mga taong mayroong espesyal na pangangailangan. Ang pagiging sari-sari at masigla ng ganitong mga komunidad ay siyang kaanya-anyayang katangian ng mga pabahay na co-op.

May labing pitong libong (17,000) yunit na co-op sa siyudad ng Toronto at rehiyon ng York. Ang mga co-op ay may yunit na maaaring bayaran ng solo, at mayroon ding mababayaran ng may suporta. Ang mga tinatawag na "Amarket units @" ay ang mga yunit na solong babayaran ng miyembro ang kabuoang presyo ng bilihan. Ang "ASubsidized units" ay mga yunit na bahagi lamang ang babayaran ng miyembro. Ang kabuoang kabayaran ay manggagaling sa suporta ng programang kaakbay ng co-op.

Sa kasalukuyan, may kahirapang makakuha ang mga "subsidized units" dahil mahaba ang listahan ng mga aplikanteng naghihintay.

Isang Abot-kayang Alternatibo

Ang mga co-op ay maaaring makapagbigay ng abot-kayang pabahay sa mga taong may katamtaman ang kita. Regular silang nagbubukas ng kanilang listahan ng mga yunit na nasa kategoriyang solong babayaran ng miyembro. Mayroong mga co-op na bukas ang ganitong listahan sa bawat lugar sa Toronto at rehiyon ng York. Ang bayad sa pabahay (market rents) ng mga co-op ay malimit na mas mababa sa presyo ng regular na pang-komersiyong paupahan.

Ano ang Pabahay na Co-op?

Ang pabahay na co-op ay isang uri ng pabahay na ang mga miyembro o kasapi ang may kontrol. Ang mga kasaping nakatira sa co-op ay siyang may responsibilidad sa pagpapalakad ng co-op. Bawat miyembro ay may isang boto at taun-taon, sila ay nadaraos ng eleksiyon para sa Board of Directors na binubuo ng mga piling kasapi sa kalupunan.

Ano ang pagkakaiba ng pabahay na co-op sa pangkaraniwang bahay paupahan?

ang mga nakatira sa pabahay na co-op ay mga mismong kasapi ng co-op, hindi mga nangungupahan.
Lahat sila ay sama-samang may tungkuling magpalakad ng co-op. Bawat kasapi ay may isang boto at taun-taon ay nagkakaroon ng eleksiyon para sa Board of Directors na nanggagaling sa mga piling kasapi ng kalupunan.

walang pakikisamahang may-ari ng paupahang bahay.
Ang mga kasapi ang siyang magdedesisyon kung paano mapapanatiling maayos ang mga gusali at kung paano ang pagpapalakad ng mga patakaran ng co-op.

mga kasapi ang nagpapatakbo ng co-op
Nagdaraos ang mga kasapi ng eleksiyon para sa Board of Directors upang siyang magpalakad ng mga patakaran ng co-op. Karamihan ng mga co-op ay nag-eempleyo ng mga taga-gawa ng gawaing pang-araw-araw. Ang mga kasapi ay nagtutulungan upang gawing mahusay at abot-kaya ang pagpapatakbo ng kanilang pabahay.

w**ala kayong dapat alalahanin tungkol sa sobrang pagtaas ng upa sa bahay**

Ang may-ari ng pang-komersiyong paupahang pabahay ay nagtataas ng upa para kumita ng malaki at mabawi ang puhunan sa lalong madaling panahon. Ang mga co-op ay mga organisasiyong di pampatubuan. Samantala, di ito nagsasaad na ang mga bayad sa pabahay (housing charges) ay di tataas. Ang mga bayad sa pabahay na ito ay regular ding nagtataas ngunit ito ay kaantas sa pagtaas ng gastusin sa pagpapatakbo ng mga ito. Ang kaibahan ng co-op sa pang-komersiyong paupahang pabahay ay ang kalakarang nagsasaad na ang mga kasapi ng co-op ang siyang magsusuri ng mga gastusin at mga alokasyong rekomendado ng Board of Directors. Sa taunang pagtitipon, ang mga kasapi ay magbobotohan para sa alokasyon. Kung mayroon mang pagtaas sa bayad sa pabahay, ito ay mga bayaring aktuwal, di tubong ipinatong.

ang pabahay na co-op ay matatag

Ang mga kasapi ng co-op ay tatanggalin lamang kung sila ay lumabag sa batas ng co-op. Ang mga co-op ay nag-uubaya ng matatag at mahirap na mabuwag na sistema ng pabahay. Kayo at ang inyong pamilya ay makakatira nang pangmatagalan sa isang co-op at makapag-establisa ng ugat sa komunidad.

ang mga kasapi sa co-op ay nakakapag-establisa ng malalalim na mga ugat sa komunidad

Ang co-op ay hinding-hindi maipagbibili o magagawang pang-patubuan kung kaya ang mga kasapi ay makapamamalagi sa co-op nang matagalang panahon. Ito ay nagbibigay inspirasiyon sa mga kasapi na magsilbi at sumuporta sa komunidad at nagpapaubaya ng di pag-aalinlangan sa kanilang co-op at kinatitirahang kapaligiran. Mas madali para sa mga tao ang makipag-salamuha sa komunidad kung alam nilang sila ay magiging kasapi rito nang pangmatagalan.

$ **ang mga miyembro ng co-op ay bahagi ng isang mas malaking komunidad ng mga co-op**

Sa Greater Toronto Area, may mahigit na isang daan at anim napu't limang (165) mga co-op na nakabuklod sa isang federasyion na kung saan ay nakakahingi sila ng suporta, impormasiyon at payo.

Paano ako makakapag-palista para sa pabahay na co-op?

Ang pamamaraan ng pagpapalista sa pabahay na co-op

1. Bawat co-op ay isang malayang korporasiyon kung kaya't ang pamamaraan ng pagpapalista ay maaaring kaiba sa bawat grupo.

   Karamihan sa mga co-op ay mag-aakayat sa inyo na dumalo sa isang pagtitipong pang-impormasiyon bago o pagkatapos ninyong magpatala at magpasa ng inyong aplikasiyon. Kung minsan, may mga kaukulang bayad na hinihingi ang mga co-op kaugnay sa nasabing aplikasiyon.

2. Kung kayo ay nangangailangan ng suporta, maaari kayong magpatala sa listahan ng Toronto Social Housing Connections. Ang mga suportang pang co-op na ibinibigay ng municipio ay kinakailangang ibigay sa unang taong nakatala sa listahan. Ang mga suportang pang co-op na ibinibigay ng pambansang gobiyerno ay ibinibigay sa kaukulang co-op na nakalista. Ang mga suportang ibinibigay sa kaukulang co-op ay masyadong limitado.

3. Ang co-op ay gagawa ng pagsusuri sa pamamagitan ng pagtatanong sa may-ari ng inyong inuupahang bahay na nakabanggit sa inyong pinirmahang aplikasiyon. Sa sandaling magkaroon ng isang yunit na handa nang ipaubaya, o kaya'y kung ang listahan ay mangangailangan ng dagdag na aplikante, lahat ng mga nasa kaukulang edad sa aplikasyon ay tatawagin para ma-interview bago maaprubahan ang kanilang pagiging miyembro.